

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)
[Aired on 07 December 2021]**

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: We have --- next is the report of Secretary Duque. It's your time?

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Yes, Mr. President. Good evening, sir. I'll just have a very short report, Mr. President, with your indulgence.

PRESIDENT DUTERTE: Kindly 'yung ano --- ang volume ng ano dito hinaan lang ninyo.

SEC. DUQUE: Thank you, Mr. President. And good evening, Senator Bong Go, the chair of the Committee on Health of the Senate; and my fellow Cabinet members; and to our people, magandang gabi po sa lahat.

Mayroon po akong maikasing ulat. [Ang first slide, please. Next slide, please. Ah hindi next slide. 'Yan that's the one. Okay.]

Sir, katulad nang sinabi ninyo ay talagang gumaganda na po ang lagay ng ating case trends. At dito po makikita natin nasasalaming ng ating bumababang epidemiological curve 'yan pong 'yung linya tumaas doon noong September, tumuloy tuloy-tuloy na pababa hanggang ngayon.

At ang atin pong two-week growth rate at ang average daily attack rate ganoon din po ay pareho nang bumaba. At ulitin ko lang ang two-week growth rate ay isang metric or panukatan na sinusukat ang tulin o bagal nang pagkalat ng COVID-19 infection.

Samantalang ang average daily attack rate, ito naman ay panukatan or metric sinusukat po 'yung banta o 'yung risk of the spread of COVID-19 in the communities 'no.

At nitong linggo, nakapagtala po tayo ng 526 average daily cases at mas mababa ito ng 41 percent, Mr. President, malaki po ang ibinagsak from 895 daily average ay nasa 526 na lang po tayo kumpara doon sa nakaraang linggo.

Samantalang ang buong bansa naman kung makikita natin dito ay maging karamihan ng mga rehiyon ay nasa minimal risk na lang po ang classification.

Samantalang ang buong Pilipinas ay nakapagtala ng -57 percent two-week growth rate and .67 average daily attack rate per 100,000. At para naman po sa iba pang mga rehiyon, ang Regions II, CAR, IX at NCR ay nananatiling nasa low risk. So maganda po ito 'yung karamihan nasa minimal risk at 'yung mga iba na medyo may kataasan nang kaunti, low risk pa rin po sila, Mr. President.

So patuloy ang atin pong pagkilala sa ating mga lokal na pamahalaan sa kanilang pagpapahusay ng kanila pong mga COVID response na may pinabilis na active case-finding, ang contact tracing upang siguradong maputol ang kadena ng hawaan at hindi magkumpol-kumpol ang mga kaso sa mga komunidad.

At sa kanila pong pagpapababa ng case trends and risk classification, binibigyan po natin sila ng magandang pagkilala sa kanila pong walang humpay at ang kanilang pagpupursige na matugunan ang kani-kanilang mga COVID-19 challenges. So patuloy rin na binibigyan natin ng pugay ang mga healthcare workers at iba pa pong mga frontliners para po sa maayos at dekalidad na serbisyo.

Sunod ko na lang po, Mr. President, doon sa National Vaccination updates. [Next slide.] Dito po makikita natin ‘yan ang total doses administered natin umabot na po sa 91.7 million doses thereabouts. Samantalang ang first dose naman natin ay nasa 56.7 million doses. Ang kinakatawan po nito o ang katumbas ay 73.50% of the target population of 77.139 million thereabouts.

Samantalang ang complete doses administered natin nasa 38.1 million thereabouts at ang katumbas po nito ay 49.48% ng target population of 77.1 million. Iyon pong ating 56.7 million sa first doses administered, nalagpasan po natin ang ating target. Ang target po natin by the end of November is actually 54 million doses.

So congratulations po doon po sa ating National Vaccine Operations Center at ang atin pong National Task Force sa kanila pong paggabay sa napakamaganda pong resulta ng atin pong National Vaccination Program laban po sa COVID-19.

So ‘yung pangalawang atin pong pinupuntirya by the end of December or this year ay makamit natin ang 54 million completed vaccination ng atin pong mga kababayan. At naniniwala po kami ni Secretary Galvez; Secretary Vince Dizon, ang atin pong chair ng National Vaccine Operations Center, na kaya po natin maabot ang ating 54 million completed jab rate by the end of the year.

Mamaya po ‘yung susunod mas detalyeng ulat manggagaling po kay Secretary Vince Dizon.

At ang last slide ko po, [next slide] ay ‘yan po si Secretary Vince Dizon. Ito na lang po, para naman po sa Omicron ay susugan ko lang po ‘yung sinabi ni Father Austriaco, ang magandang lumalabas na mga ulat --- kanina kausap ko po ang World Health Organization Country Representative si Dr. Rabi Abeyasinghe, sinabi niya three things: number one, lumalabas ho na mukhang dumadami ang ebidensiya na mild ang Omicron, which is good for all of us. Number two, wala pa pong reported death, Mr. President, on account of Omicron variant. So okay po ‘yan.

Although kanina sinabi na din po ni Father Austriaco ang posibilidad na ito nga ay mas mabilis makahawa. Tama po ‘yun but to what extent, wala pa hong datos na malinaw or conclusive para po masiguro na talaga bang ito ay mas transmissible. It probably is as Father Austriaco said but to what degree, nobody knows as of yet. In fact, even the R0 or the reproductive rate of Omicron

variant continues to elude ‘no, hindi pa ho talaga masabi. So maghihintay pa rin po tayo ng kaunting panahon.

So, Mr. President, ‘yung last slide ko na lang po bilang pagbubuod ay ang mga sumusunod. Sa nalalapit na pagsapit ng Pasko ay layunin natin na tayo ay magdiwang kasama ang ating mga mahal sa buhay at hindi nasa mga ospital or ICU or nasa mga quarantine facilities. Kaya naman pinaaalalahanan namin ang lahat na patuloy na mag-ingat at huwag magpakampante. Kinakailangan pa rin: mask, hugas, iwas at of course ang pagbabakuna, kailangan pong paigtingin natin ang programa.

Pangalawa, hangad natin na magkaroon ng ligtas na Pasko at makakamit po natin ito sa patuloy na pagsunod sa minimum public health standards at pagbabakuna lalo na’t nananatili pa rin ang banta ng COVID at iba’t ibang variants.

At panghuli, patuloy naming hinihikayat ang lokal na mga pamahalaan na ipagpatuloy ang active case-finding, pag-iimbestiga sa mga case clusters, at pagbabakuna lalo na sa mga high-risk groups upang mapanatili natin ang ating mababang kaso.

Iyon na lang po bilang pagbubuod, Mr. President. Maraming salamat po sa pagkakataon. Ako po’y handang sumagot sa inyong mga katanungan.

PRESIDENT DUTERTE: Next to give a report is Secretary Año.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, mahal na Pangulo; fellow public servants; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go.

Maikli lamang po ‘yung aking ulat at magsisimula po ako. [Please put my slide.]

Magsisimula lang po ako sa ating ginagawang granular lockdown nationwide. Ito po ay base sa ating Alert Level System.

Ang buong bansa po ay nasa Alert Level System --- or Alert Level No. 2. At makikita po natin sa buong bansa 77 areas lang po ang under sa granular lockdown at ito po ay nasa loob ng 18 LGUs at 61 barangays at 99 households lang po ang apektado.

Sa National Capital Region, makikita po natin walo na lang po ang lugar na nandoon sa ilalim ng granular lockdown, at nakakaapekto sa 26 na household at 100 --- I mean 70 individuals. So ito po ibig sabihin nito ay epektibo ang ginagawa nating Alert Level System at patuloy na bumababa ang kaso ng ating COVID.

[Next slide, please. Next slide.]

At sa patuloy po nating pagi-implement ng ating community health protocols at minimum public health standard, nakita po natin sa loob ng isang linggo ay halos bumaba ng kalahati ang mga violators ng ating public health standard. Kaya maganda po itong manifestation, ang ibig sabihin

po ay sumusunod ang ating mga kababayan sa pagsusuot ng mask at paga-avoid ng mass gathering at pago-observe ng physical distancing.

[Next slide.]

Dito po sa ating Tri-Service Bureau, ang Philippine National Police, ang BJMP at Bureau of Fire Protection, makikita po natin napakataas na po ng ating percentage ng fully vaccinated, nalampasan na po ang herd immunity.

Ang PNP po 77.28 percent ang ating fully vaccinated. So kaunti na lang po ang natitira at ito ay naghihintay na lang ng second dose. Ang atin pong Bureau of Fire Protection naman 81.99 percent ang fully vaccinated at 90.28 percent naman ang BJMP.

[Next slide.]

Sa atin naman pong kampanya laban sa ilegal na droga, tuloy-tuloy pa rin po tayo. Sa loob ng isang linggo mula November 28 hanggang December 2, makikita po natin nakapagtala tayo ng 524 anti-drug operations na kung saan nakapag-aresto tayo ng 710 suspek, 16 po ang nag-surrender at wala namang nasawi sa operation. Sa kabuuan, total of P132,436, 182 po ang ating nasamsam o nakumpiska sa pinagsanib na shabu at marijuana.

[Next slide.]

Dito naman po, Mr. President, ay ipapakita ko ang naging performance ng ating LGU sa nakaraang National Vaccination Days. Ito po 'yung ating accomplishment. So makikita po natin sa 8 milyon po na nabakunahan natin sa loob ng tatlong araw, ito po 'yung kanilang total numbers na nabakunahan bawat region. At makikita natin ang natatanging pinakamaraming nabakunahan ang Region IV-A sa total po na 1.1 million; sumunod po ay ang Region III, 838,000; at ang Region VII na mayroong 649,000 na tao po na nabakunahan.

At dito po naman sa committed target, ibig sabihin po kung ano 'yung target nila, vis-à-vis sa kanilang na-accomplish, ang nangunguna po ay ang Region I sapagkat mayroon siyang 322 percent. Ang sumunod po ay ang National Capital Region na mayroong 172 percent, at ang Cordillera Administrative Region na mayroong 159 percent.

[Next slide, please. Isa pa, next slide. Next slide. 'Yan.]

Dito po, tutungo po tayo --- [Oh balik, balik, pakibalik. Sumobra. Back... Okay] --- dito po makikita po natin kung sino pong region ang nakapagtala na ng 40 percent and up na fully vaccinated at dito po mayroon tayong walong region na masasabi nating 40 percent and up po ang fully vaccinated. Nangunguna po siyempre ang National Capital Region at ang mga region na umabot ng 40 percent up: ang Cordillera Administrative Region, Region I, Region II, Region III, Region IV-A, Region VII, at saka Region XI.

[Next slide.]

Tutungo naman po tayo sa accomplishment ng ating mga tinatawag nating mga probinsiya or provinces. Out of 81 provinces, makikita po natin ay 14 na probinsiya na po ang nakapagtala ng 50 percent up fully vaccinated. Ang mga probinsiya na 'to po ay ang Abra, ang Apayao, Ilocos Norte, Ilocos Sur, Batanes, Quirino --- [next slide] --- ang probinsiya ng Bataan, Bulacan, Pampanga, Cavite, at Laguna --- [next slide] --- ang probinsiya ng Siquijor --- [next slide] --- at ang probinsiya po ng Biliran at Camiguin. So napakataas po ang numero na 'yan, 50 percent po fully vaccinated.

Sa December 15 to 17, 'yan po 'yung ating hahabulin na --- kaya ipinapakita po natin ito para malaman ng ating mga probinsiya kung ano ang status nila at ano ang hahabulin nila para sa ating National Vaccination Days sa December 15, 16, and 17.

Dadako naman po tayo sa mga --- [next slide, please] --- 'yan, dito po ay wala namang nakaabot ng 50 percent pa.

[Next slide.]

Ayan, dito po dadako tayo sa mga tinatawag nating highly urbanized cities. Out of the our highly urbanized cities ay umaabot po na 23 siyudad ang umabot na po ng 70 percent and up na fully vaccinated. So ibig sabihin po almost sa target population ay nakamit na ang herd immunity sa target population.

Siyempre po ang nangunguna dito ay ang National Capital Region. Ang mga siyudad ng San Juan, Mandaluyong, Pateros, Marikina, Taguig, Pasay, Las Piñas, Parañaque, Manila, Muntinlupa, Makati, Valenzuela, Quezon City, Navotas, Pasig, Malabon, at saka Caloocan.

At sa mga probinsiya na po --- I mean sa mga siyudad po na outside of National Capital Region, nandiyan po ang Baguio City, ang Angeles City, ang Iloilo City, ang Lapu-Lapu City, ang Mandaue City, at ang Davao City. So 'yun po ang mga nakapagtala ng more than 70 percent fully vaccinated.

Ang susunod pong target natin sa December 5 --- ah December 15, 16, 17 ay mapataas pa natin ang second dose para maging fully vaccinated.

So 'yan lamang po at binibigyan natin ng recognition at commendation ang mga LGUs po na nag-exceed at nagkaroon po ng magandang accomplishment nitong ating nakaraang National Vaccination Days.

Iyan lamang po, Mr. President. [applause]

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Unahin natin si ano Chairman Abalos kasi siya na lang mag-isa diyan sa ano, sa parang panel sa screen. Mauna ka na.

MMDA CHAIRMAN BENHUR ABALOS JR.: Yes, sir. Maraming salamat po. Yes, sir, magandang gabi po, Mr. President; kay Senator Bong Go; kay ES Medialdea; sa lahat po ng mga

Cabinet members; at sa lahat po ng ating mga kababayan, magandang gabi po. Ito po ang slide ko, Mr. President.

[Slide, please.]

So ito po 'yung sa National Vaccination Day, 479,000 po. Ito po ay from November 29 to December 1.

[Next, please. Next.]

Ito naman po 'yung ginawa po at ito po 'yung ambag ng Metro Manila. Nag-form po kami ng mga team para tumulong po kami sa mga lugar sa labas po ng Kalakhang Maynila 'no. So makikita po natin dito, kulang-kulang 58 teams ang binuo ng mga LGUs ng Metro Manila. Ito 'yung mga medical frontliners para po ipadala sa mga kapitbahay po naming probinsiya. At ang DOH naman po ay nagpadala ng 50 teams. Total po nito, Mr. President, na 108 teams.

[Next, please.]

Ito lang po ang ilang mga larawan ng mga iba-ibang LGUs ng Metro Manila na naka-deploy po partikular sa Region III and Region IV-A.

[Next, please.]

Okay, ito rin po 'yun.

[Next, please.]

At bukod po rito, ang aming himpi --- ang aming ahensiya, ang MMDA ay nagpadala rin dito po sa San Juan, Batangas. In fact, halos 2,703 ang aming nabakunahan, dadalawa lang po ang doktor po ng MMDA pero ganito po karami ang nabakunahan po namin.

[Next, please.]

Ngayon naman po, kaninang umaga po ay nagkaroon ng public face-to-face po sa Kalakhang Maynila at ito po 'yung mga eskuwelahan 'no sa buong Metro Manila.

[Next, please.]

Kung makikita po natin mahal na Pangulo ay talagang ito po'y maingat 'no, at least makikita po ng mga kababayan natin nandito ang mga larawan na ito po'y may distansya at makikita natin sa larawan na kinukuha po ang temperatura ng mga bata bago pumasok. At hindi lamang 'yun, may mga --- 'yung ibang ano ay may mga barriers pa.

[Next, please.]

Ayan at mayroon pa hong hugasan ng kamay, ayan po sa ibabaw na larawan ay kinukunan po ng temperatura ang mga bata.

Talaga pong may mga protocols 'no. Ito 'yung mga larawan na ipapakita natin sa mga kababayan natin na talagang very safe po ang ginawa po ng Department of Education at ng mga LGUs, talagang maingat na maingat po tayo sa experimental face-to-face classes po na ito.

[Next, please.]

Ngayon naman po, mahal na Pangulo, gusto ko sanang i-report na nagkaroon po tayo ng color coding sa Metro Manila. Kasi po 'yung sasakyan po bago mag-pandemic, ito po'y noong 2020, ay 405,000. Sa ngayon po ay we're nearing that pre-pandemic level, ang mga sasakyan po noon ay naging 401,000 na po 'no.

Iyon pong speed na tinatawag ay dati po ay 11 kilometers per hour 'yung southbound, pero mas mabilis naman po dito po sa southbound 'no. Ang naging problema po namin ay 'yung northbound. Kaya ang ginawa po namin imbes na po ipagbawal namin ang sasakyan sa buong isang araw, tiningnan na lang namin po kung ano 'yung tinatawag nating peak hours 'no. Iyon pong peak hours ay 5 to 8 sa hapon at 7 to 9 or --- 7 to 9 sa umaga.

So sa kadahilanan po, Mr. President, na halos karamihan sa kababayan natin ay iisa lamang ang sasakyan, mas minabuti namin na imbes ipagbawal 'to buong araw dahil kawawa naman po sila, sila'y sasakay pa ng public transport na sa ngayon ay 70 percent lang ang capacity at 'di pa po normal, mas minabuti na lang po ng MMDA na subukan po muna namin ang color coding na kung saan ay 5 to 8 ng hapon po ay bawal po 'no, 'yung certain na mga plaka, 'yung number 1 and 2 bawal ng Lunes; 'yung number 3 and 4 bawal ng Martes; 5 and 6, Wednesday; 7 and 8, Thursday; and 9 and 0 po sa Friday.

So 'yun lang po. From 5 o'clock to 8 o'clock ang bawal. Ito po 'yung pinagawa kong study nagsimula po ito noong December 1 tapos ginawa po namin ito 'no, ito pong study na ito, kita niyo po sa graph December 3. Iyon pong asul ay 'yung dati 'no, pero nakita niyo bumilis po sa red 'no.

[Next, please.]

Iyan po ano, if makikita po natin sa data na ito ang travel speed has indeed improved in some identified critical areas along EDSA. For instance po ano, from C. Jose to Ortigas Avenue, from being a congested area during peak hours, it has now become a manageable traffic area. The same is also true with Katipunan to Biglang-Awa.

Kaya po sa EDSA masasabi po natin, remarkable 89 percent increase in travel speed as we recorded 'no. Ginawa lang po namin itong study na ito in three days pero baka magbago pa po 'yan, pinapa-monitor ko po ito halos every other day, mahal na Pangulo.

Iyon lang po ang ire-report ko. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Chairman Abalos. Puwede ka nang mag-uwi siguro kasi nag-iisa ka na lang diyan sa screen. Thank you.

CHAIRMAN ABALOS: Opo. [laughs] Thank you po. Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Then we can proceed with you, Vince, the update sa vaccination.

PRESIDENTIAL ADVISER FOR COVID-19 RESPONSE VIVENCIO “VINCE” DIZON: Opo. Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong; ES and our fellow Cabinet members. Very short lang po ito, I will just build on the presentations of Secretary Duque and Secretary Año.

Just to report on the National Vaccination Days, which while we’re waiting for the slides po ni Secretary Galvez, it was a huge success and we want to really honor and thank all the people that worked so hard, Mr. President, to make it a resounding success, especially our healthcare workers. From the national government, from the LGUs, from the private sector who really worked together to make this happen.

Alam niyo po ito po ‘yung pinakamalaking challenge natin noong tayo’y nago-organize at nagpapalano nitong National Vaccination Days and it continues to be a challenge, ‘yun pong personnel natin. Pero dahil po nagtulong-tulong lahat ang --- we were very, very successful and we hope and pray we can replicate this success to the next round next week.

[Slides, please.] Mabilis lang po ito, Mr. President.

Mr. President, it’s also is I think very important to note that I think our kababayanans also deserve a lot of credit because they really came in droves, Mayor, noon pong November 29 to December 1. Ang dami po talagang nagpunta mga kababayan natin, dala na rin siguro, Mayor, nung inyong mga panawagan sa kanila na magpabakuna and siguro kasama na rin po nung medyo kinakabahan po sila dahil dito sa variant at napakaimportante po talaga, gaya nga ng sinabi ni Father Nic kanina na itong Omicron na ito hahanapin ‘yung hindi bakunado.

So para ho sa ating mga kababayan na hindi pa bakunado, kailangan alam po nila ‘yun dahil sila po ang hahanapin nung bagong variant kaya dapat po magpabakuna na sila.

Quickly --- so just to summarize our results, roughly 8.1 million doses were administered in three days, Mr. President, 90 percent of our target 9 million doses. However, since we expanded and lengthened the days, umabot po tayo ng 10.1 million in five days, which was our highest average.

Tumaas po ang capacity ng mga LGUs natin, seven po ang nag-surpass ng kanilang target while six regions achieved more than 70 percent, napakalaking bagay na po ‘yun sabi nga po ni Sec. Año, and these are our numbers for Day 1, Day 2, Day 3.

At dahil po doon, Mr. President, umangat po tayo ‘no sa... Mayroon pong data ngayon, globally, sino ba ang mga bansa na pinakamadami ang na-jab sa loob ng isang araw? At tayo po ay

number four globally, Mr. President. Nauna po ang China, single day; India; United States; at tayo na po, Pilipinas, with 2.8 million jobs in one day. At...

[Next slide, please.]

At kung ia-adjust po natin, Mr. President, 'no, makikita po natin sa Our World in Data, kung ia-adjust po natin 'yung ating nagawang jobs noong last seven days, starting from December 1, looking at countries with population na mahigit 100 milyon, tayo po resoundingly ay No. 1 - 1.42 per 100 population; pangalawa po ang Thailand - .68; pangatlo po ang China - .59; pangapat po ang India - .53; ang Indonesia po - .4; at ang United States ay .21.

Kaya po, Mr. President, I think each and every Filipino needs to be proud dito sa nagawa po natin 'no itong nakaraang linggo. At kaya nga po sabi po ni Father Nic kanina, pinagmamayabang po niya ang na-accomplish ng Pilipinas at salamat po sa inyo at sa inyong leadership, at sa ating mga kawani ng gobyerno at sa lahat ng ating healthcare workers.

Finally po, Mr. President, [next slide, please] ito nga po 'no, ito ang pinakamataas nating daily job, 2 million jobs on average noong last week, limang araw last week with 2.7 --- 2. --- almost 2.5, 2.88, almost 2.9 million December 1 and then 1.2 and then 975,000. So 2 million average po 'yan, Mr. President and we --- we feel very strongly na with the help of everyone, kaya po nating ulitin ito sa susunod na linggo.

And finally po, last slide na lang po, ito po ang mga padating na jobs based doon sa ide-deliver po sa atin. Makakaabot pa po tayo before the end of the year ng additional 67 million doses. Kaya po salamat po kay Secretary Galvez, kay Secretary Duque, at sa lahat po ng kawani ng ating gobyerno, lalo na ng DOH dahil po talagang hindi na po supply ang ating problema ngayon. Ngayon po ang challenge is as fast as possible mailagay po natin sa mga balikang ng ating mga kababayan ang lahat ng mga bakunang makukuha po natin.

Maraming-maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Vince. Maganda. Puro maganda ngayon ang ano, not really the bleak --- not exactly bleak but 'yung mga report during the last three weeks before this medyo ano, nakaka --- nakaka-ano sa puso.

So we go now to --- tapos ka naman sir 'no, Sir Galvez? So we have Karlo Nograles to give us the...

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maayong adlaw, Mr. President, Senator Bong Go, ES Medialdea, mga kaubanan natin sa Gabinete, mga kababayan.

Tuloy-tuloy pa rin 'yung trabaho ng ating mga iba't ibang ahensiya lalong-lalo na sa ilalim ng Office of the President. Noong nakaraang report ko po sa inyo, Mr. President, PDEA, ngayon po 'yung Dangerous Drugs Board naman po na alam din po natin na under the Office of the President.

This year they celebrate their 49th Anniversary at ayon sa Republic Act 9165 or ‘yung Comprehensive Dangerous Drugs Act, sila po ‘yung policy-making at strategy-formulating body para sa mga polisiya at programa ng pamahalaan kontra droga for drug prevention and drug control.

So isa sa pinaka-strategy po natin against drugs itong Philippine Anti-Illegal Drugs Strategy or PADS. Ito po ay sang-ayon sa Executive Order No. 66 na pinirmahan niyo po, Mr. President, para ma-institutionalize ang ating whole-of-nation approach, kung saan lahat ng government offices, departments, bureaus, agencies, government-owned and -controlled corporations, state universities and colleges, at lahat po ng kasama natin sa gobyerno ay i-implement itong PADS.

Dito po nakalagay ang ating pinaka-comprehensive at balanced strategy aligned with the international and regional frameworks on drug prevention and control. Kung makikita po natin ‘yung --- kumbaga ‘yung pinaka-drawing niya, ang framework is represented by a bow and arrow dahil dalawa po ‘yan: drug supply reduction and drug demand reduction.

So under sa PADS, mino-monitor ng DDB ang implementation ng mga operational plans ng iba’t ibang agencies of government. We have 61 agencies so far that is implementing PADS all over the country.

Pero hindi rin papahuli ang DDB, [next slide] sa national response against COVID-19, nakapag-donate din po sila [next slide] ng isolation tents to 143 cities, amounting to 1,460 isolation tents at nakapagbigay rin po sila ng anti-COVID-19 essential kits.

[Next slide.]

Sa pamamagitan po ng memorandum from the Office of the President, nagkaroon din po tayo ng Memorandum of Agreement for the Institutional Support for Implementation of Philippine Anti-Illegal Drugs Strategy kung saan ang DDB ay nakapagbigay ng grants to the implementing agencies.

[Next slide.]

Of course, to raise awareness ay mayroon din pong mga information education, communications materials na dini-disseminate ang DDB to raise awareness, understanding and support para sa Philippine Anti-Drugs Strategy natin.

[Next slide.]

At siyempre, dahil sa pandemic, virtual workshops din po ginagawa nila dahil mahalagang-mahalaga ang tamang impormasyon sa laban kontra droga. And we engage key officials, focal persons, communication and information officers in these comms plans.

[Next slide. Next slide.]

And then of course, we do policy discussions kasama ‘yung preparatory meetings natin para ma-prepare ‘yung ating designated permanent representative of the Philippines to the United Nations International Narcotics Board sessions. Nakapag-present po tayo ng drug situation report of the Philippines and our compliance to three United Nations Drug Control Conventions as well as our continuing consultations ng DDB’s support to the International Narcotics Board.

[Next slide.]

Then of course, as a board, they also issue regulations and board resolutions. Kabilang na sa mga notable board regulations nila, itong pagtanggap ng Lianhua sa list of dangerous drugs for a period of one year. Iyong regulation ng pagga-grant ng awards to law enforcers sa mga successful anti-drug operations natin against high-value targets and high-impact operations, especially in the delivery and management of the application for award, at ‘yung Barangay Drug Clearing Program natin to implement a drug supply reduction and drug demand reduction sa ating mga communities and barangays.

Kasama rin po [next slide] ‘yung guidelines natin sa implementation ng “Private Eye”. Ito ‘yung pagbibigay natin ng reward schedule sa confiscation or recovery of marijuana and hashish. And mayroon din po tayong BJMP na programa na jail-based reformation centers called Kanlungan sa Piitan.

[Next slide.]

We also have preventive education and capacity building, 10,653 individuals ang nabigyan --- naka-benefit sa capacity- building programs and 13,760 on our advocacy programs in year 2021. Mayroon din po tayong trainers’ training sa different local government units pati na rin po sa CHED at nagbibigay rin po tayo ng updates virtually on the List of Dangerous Drugs and Controlled Precursors and Chemicals and nagko-conduct rin tayo ng virtual workshop for prosecutors, judges, law enforcers and PDEA agents, and the Philippine National Police.

[Next slide.]

Mayroon din po tayong Tahanang Pangkabuhayan Program kung saan in the facility controlled environment nagbibigay tayo ng skills training and employment training para sa mga recovering drug dependents at kaagapay natin ang TESDA po dito, and then of course, we continue to push for a drug-free workplace to implement drug abuse prevention activities ensuring the safety of our workplaces.

[Next slide.]

We also have Facebook live streaming to teach parents on their role in the protection of children against drug abuse, the salient provisions ng Dangerous Drugs Act, strengthening our Anti-Drug Abuse Councils and strengthening the refusal skills of the youth, just to say no to drugs.

Ito ‘yung maganda, Mr. President, [next slide] nagko-conduct din ang DDB ng research studies. At ang isang magandang pag-aaral, pagsusuri at study na ginawa po nila, itong 2019 national

household survey on the patterns and trends of drug abuse, ayon sa national household survey na ito ang current users ng drugs natin is 1.67 million --- 1.67 million, aged 10 to 69 na current users of drugs. This is much, much lower than the global estimates noong 2018 na 5.3 percent, dahil sa atin, sa 1.67 million, nasa 2 percent na lang tayo.

And if you compare this to the lifetime user prevalence rate na 5.8 percent, ibig sabihin, 4.73 million aged 10 to 69 tried drugs at least once in their life. So tama 'yung sinabi mo, Mr. President, na 'yung 4 million Filipino drug users in 2016, napabagsak niyo po 'yung 4 million, now it's down to two percent, 1.67 na lang po ang estimated.

So this shows the success of the government's anti-drug programs and it indicates --- in fact, the survey shows a high public awareness and approval --- approval ng government's anti-drug campaign. So government not only succeeded in flattening user prevalence rate dito sa bansa, but it has also reversed the trend. Iyan po 'yung findings dito sa 2019 National Household Survey on the Patterns and Trends of Drug Abuse.

So marami pong --- pa pong mga pagsusuri at pag-aaral na ginagawa ang DDB and patuloy rin ang pagbigay nila ng support sa ating Department of Health sa mga Treatment and Rehabilitation Centers natin across the country and even the profiling of the drug users.

[Next slide.]

In fact, nagbibigay rin po sila ng tulong sa mga Drug Abuse Treatment and Rehab Centers natin and community-based treatment and rehab facilities nationwide. As of September 30, 2021, there are a total of 74 accredited Drug Abuse Treatment and Rehab Centers all over the country.

So patuloy po ang pagserbisyo publiko ng DDB bagama't may kinakaharap tayong pandemya. At sa gitna ng COVID-19, makakaasa po tayo na iyong mga nasimulan na na mga programa ng DDB to eradicate and minimize drug supply and drug demand reduction upang makamit ang 100 percent drug-free communities sa buong bansa ay lalo pa nating pinag-iigting.

So, Mr. President, mayroon po silang short video presentation to show the people iyong ginagawa ng --- accomplishments ng Dangerous Drugs Board. Can we watch the clip?

[plays video presentation]

Thank you, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Nograles. That --- your piece winds up the program for tonight.

I declare this meeting adjourned. [applause]

--- END ---